

# MONITOR



OPISYAL NA PAHAYAGAN NG CENTER FOR TRADE UNION AND HUMAN RIGHTS

OKTUBRE-DISYEMBRE2020

## P A N D E M Y A



## P A N U N U P I L

### BALITA

- Anti-Terrorism Law ni Duterte Kinuwestyon ng mga manggagawa at ng ibat-ibang sektor
- Kumpanyang DOLE- Phil. nagtanggap ng mahigipt apat na daang manggagawa
- Tuluyang pagpapasara sa ABS-CBN at pagkitil sa malayang pamamahayag
- Global Day of Action, tugon ng mga manggagawa satumitinding panunupil, kawalang seguridadsa trabahoat karapatan

### LATHALAIN

- **Ilegal na pang aaresto at pang- reredtag**
- **Paglaban ng manggagawa sa huling kwarto ng taon**

### EDITORIAL

**New Normal sa Ilalim ni Duterte: Panunupil at Kapabayaan**

### TULA

**Alay na tula sa sa mga Health Frontliners**

# New Normal sa Ilalim ni Duterte: Panunupil at Kapabayaán

Kamz Deligente

***“Huwag nating hayaang mamayani ang ‘new normal’ na ibinabandera ni Duterte. Ngayon higit kailanman kailangan ang mahigpit na pagkakaisa ng mamamayan para biguin ang paghahari bilang isang diktador at ang ibayong paglabag sa karapatang pantao ng mamamayan.”***

**M**akasaysayan ang Taong 2020 sa lahat. Napakaraming mga pangyayaring lokal at pandaigdigang bumago sa takbo ng kinasanayang buhay ng nakararami. Kung sa Pilipinas iyan, nariyan ang mga sunud-sunod na disaster at kalamidad mula sa pag-aalbuoto ng Bulkan Taal, Bagyong Ulysses, Rolly, Vicky at iba pa.

Kung sa pandaigdigang naman iyan, wala na sigurong hihigit pa sa tindi ng epekto sa lahat, kundi ang pandemyang COVID-19. Sa isang iglap, nagbago ang takbo ng lahat ng aspeto ng buhay ng mga tao dahil sa imbisibol, ngunit nakamamatay na kalaban.

Malubha ang naging epekto nito sa kalusugan, kabuhayan at karapatan ng mamamayan.

Lahat apektado, lalo’t higit iyong mga matagal nang nasa laylayan ng lipunan, lalo pa at matagal nang naghihingalo ang sistemang pangkalusugan sa bansa. Milyon-milyon din ang nawalan ng trabaho at kabuhayan.

Lalo pang pinatindi ang paghihirap ng mamamayan dahil sa mabagal at baluktot na tugon ng pamahalaan dito. Sa maagang yugto ng pagkalat ng COVID-19 sa ibang bansa at maging sa Pilipinas, matatandaang ipinagkabit-balikat lang ito ng gobyernong Duterte. Binalewala ang panawagan para magpatupad ng travel restrictions hanggang sa nagsimula na ngang qdumami ang kaso sa bansa. Kahit ang napakalohikal na signipakanteng tugon na libreng mass testing ay hindi rin pinakinggan. Ang ayuda namang tanging inaasahan ng mga apektado ng pandemya ay kulang at mabagal ding nakakarating sa mga nangangailangan.

Samantala, ang pinakamahabang lockdown sa mundo ay mas itinuon sa panunupil sa mga kritiko at simpleng mamamayan, imbes na sa medikal na solusyon. Kaya naman, hindi nakakagulat na hindi nito napababa ang “curve” ng mga kaso ng COVID sa bansa. Sa kasalukuyan nga ay halos kalahating milyon na ang nagkakasakit nito sa Pilipinas. Patuloy pa itong tumataas, kasabay ng pagluwag sa mga restriksyon upang buhayin ang naghihingalong ekkonomiya.

Sa ilalim ng militaristang lockdown ni Duterte, nakita natin kung paanong ang militaristang lockdown na ito ay nagdulot ng patong-patong na paglabag sa karapatang pantao. Nariyan ang pagbibilad sa araw ng mga lumalabag sa COVID-19 protocols, pambubugbog sa tindero ng isda na lumabag din umano sa quarantine at si Winston Ragos na pinatay ng pulis dahil pa rin sa quarantine violations.

Higit pa rian, tahasang ginamit ang pandemya upang paigtingin ang atake sa mga aktibista at masugid na kritiko

ng administrasyon. Dali-daling isinabatas ang Anti-Terrorism Law na gagamiting armas laban sa mga itinituring na kalaban ng estado, kahit iyong mga sibilyan na nakikibaka para sa pagbabagong panlipunan.

Walang habas din ang panunupil sa mga protesta. Noong mismong May 1 na Araw ng mga Manggagawa, 76 na mga aktibista’t manggagawa ang inaresto sa iba’t-ibang protesta sa bansa. Kahit ang Piston 6 na ilan sa mga jeepney driver na nananawagan lamang na pabalikin na sila sa kanilang kabuhayan ay inaresto rin.

Ang harassment at red-tagging ng mga aktibista sa pamamagitan ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) ay pinatindi rin sa gitna ng pandemya. Talagang dito iginugol ng rehimen ang lakas, oras at pondo imbes na unahin ang pangangailangan ng taumbayan sa gitna ng pandemya.

Pinag-ibayo din ng administrasyon ang ilegal na pag-aresto sa mga aktibista, pagtanim ng ebidensya at pagsasampa ng gawa-gawang kaso. Ang pinakahuli nga ay isinagawa pa noong mismong Pandaigdigang Araw ng Karapatang Pantao kung saan inaresto ang 7 aktibista sa iba’t-ibang lugar. Sila ay tinaguriang HR Day 7, binubuo ng 6 na organisador ng mga manggagawa at isang mamamahayag.

Ang mga pamamaslang ay nagpapatuloy pa rin. Ilan sa mga lider aktibista ay brutal na pinaslang sa gitna ng pandemya. Nariyan sina Carlito Badion, Secretary General ng Kadamay; Jory Porquia ng Bayan Muna-Iloilo; Randall Echanis, National Chairperson ng Anakpawis, Jose Jerry Catalogo ng National Federation of Sugar Workers at ang pinakahuli ay ang mag-asawang Eugenia Magpantay at Agaton Topacio na pawang consultant ng NDFP at may iniindang malubhang karamdaman.

Higit pa sa COVID-19 ang kapahamakang dulot ng new normal ni Duterte na batbat ng panunupil at kapabayaán. Walang habas nitong niyuyurakan ang karapatang pantao ng mamamayan, habang kaliwa’t kanan ang kawalang aksyon sa pangangailangan ng mamamayan. Para pagtakpan ang kapabayaán, katiwalian at kapalpakan nito, pinipilit nitong patahimikin at takutin ang mga aktibista at kritiko sa pamamagitan ng matinding panunupil.

Huwag nating hayaang mamayani ang ‘new normal’ na ibinabandera ni Duterte. Ngayon higit kailanman kailangan ang mahigpit na pagkakaisa ng mamamayan para biguin ang paghahari bilang isang diktador at ang ibayong paglabag sa karapatang pantao ng mamamayan.

# Anti-Terrorism Law ni Duterte, kinuwestiyon ng mga manggagawa at ng ibat-ibang sektor

Nico Canave

**N**agpupuyos ang galit ng mga manggagawa at mamamayan sa niratsadang batas na Anti-Terrorism Act of 2020 ng gobyernong Duterte. Hindi ito pinalampas para kundenahin at tutulan kahit na sa kabila ng matinding lockdown at pandemya.

Malawak ang naging mga pagtutol at pagkondena sa naipasang Anti-Terrorism Law ng gobyernong Duterte. Maingay itong lumaganap sa social media bago pa man niya ito tuluyang pirmahan noong July 3, 2020.

Malinaw na nakita ng mga mamamayan na sinamantala ng administrasyong Duterte ang pandemya at community quarantine para tuluyan itong maisabatas. Bagama't may banta ng COVID-19 at pag aresto ay hindi nito napigilan ang mga protesta laban dito, online man at offline.

Sa botong 19-2 ay ipinasa sa Senado ang naturang panukalang batas, na kagyat din namang ipinasa ng mababang kapulungan sa botong 173 na pumabor, 31 na tumutol at 21 na nag-abstain. Kagyat itong dinala sa Malacanang para sa pirma ng Presidente.

Malinaw na gagamitin ang batas laban sa mga kritiko at mga progresibong organisasyon na nagsusulong ng makabuluhang pagbabago sa lipunan. Sinertipikang kagyat na batas ito ni pangulong duterte kahit na nasa panahon ng pandemya. Magreresulta ito sa mga matitinding paglabag sa mga karapatang pantao at gagamitin upang takutin at patahimikin ang anumang pag di pagsang-ayon ng taumbayan sa mga polisiya ng gobyerno. Ito ang nagkakaisang tindig ng ibat-ibang grupo laban sa



naturang batas.

Sa kasalukuyan may mahigit 20 na ang naghain ng petisyon sa Korte Suprema upang kwestiyunin ang legalidad ng batas na ito. Mula ito sa mga iba't ibang organisasyon at mga samahan ng mga manggagawa, abogado, taong simbahan, mga nasa akademya, artista at mga netizens. Nagkakaisa ang mga ito na labag sa Saligang Batas ang mga probisyong nilalaman ng batas.

Ang Center for Trade Union and Human Rights (CTUHR), kasama ang Pro-Labor Legal Assistance Center (PLACE), mga institusyong nagtataguyod ng karapatang pang-manggagawa ay isa sa mga nagpetisyon upang kwestiyunin ito at ipabasura. Para sa grupo, maaaring gamitin ang batas na ito upang ibayong labagin ang karapatan ng mga manggagawa lalo na ang karapatan sa pagwewelga at pag-uunyon ng mga manggagawa na sa kasalukuyan ay ginagaratiyahan ng saligang batas. Ang batas na ito ay mag-aalis sa karapatan nila sa pakikipagtawaran sa kapitalista lalo na sa paghinggi ng dagdag na sahod at mga benepisyo.

Mayor na kinikwestiyon ng CTUHR ang masaklaw na pagpapakahulugan ng batas sa terorismo, dahil dito maaring maging daan ito para sikilin ang malayang pagpapahayag at pagtitipon. Ang pag-aresto, pagkulong at paghalughog sa iyong tinitirahan ay maaring gawin kahit na ito ay nasa antas lamang ng hinala at hindi ipinag uutos ng korte.

Sang ayon sa probisyon nito:

Sec. 4

(a) G a w a i n g magdudulot sa sinuman ng pagkamatay, seryosong pinsala sa katawan at panganib sa buhay ng tao

(b) Paninira o tangkang paninira sa mga pasilidad ng gobyerno o ng anumang pagmamayaring pribado

(c) Pagkagambala na magdudulot ng pagkasira sa mga

(d) P a g g a w a , pagmamay ari at pag dadala ng mga kagamitang may kinalaman sa sandatang biological radiological at chemical

(e) p a g k a k a r o o n ng mga sangkap na mapanganib at magdudulot ng sunog, pagbaha at pagsabog



# Kumpanyang DOLE-Phil nagtanggap ng mahigit na Apat na daang Manggagawa


Nico Canave

Ika-18 ng Setyembre nang ipaalam nang management ng DOLE-Phil sa 478 na mga manggagawa nito na sila ay tanggal na sa kanilang trabaho sa isang isang meeting sa gym ng kumpanya. Pagpasok palang nila ng umaga ng setyembre 18 ay inescortan na sila ng mga guwardiya at kinuha ang mga ID pagpunta sa meeting. Galit at panghihinayang ang reaksyon ng mga manggagawa sa desisyon na ito ng management. Komento ng mga manggagawa sa FB page ng CTUHR, kawalang ng puso at pagmamalasakit ng kumpanya ang ginawa nito. Marami sa 478 na mga manggagawa ay may 20 taon nang natatrabaho sa DOLE-Phil.

Kagyat naman itong kinondena ng AMADO-KADENA, minority union na nasa ilalim ng NAF-LU-KMU. Anila, illegal at walang batayan ang pagtatanggal sa kanila ng management. At Pinabulaanan ang dahilang pagkalugi kumbakit nag tanggal ito ng 478 na mga manggagawa. Ayon sa union at mga manggagawa hindi dumaan sa tamang proseso ang management sa ginawa nitong pagtatanggal. At hindi rin umano ito katanggap-tanggap na sa panahon ng pandemya ay nagawa nitong alisan sila ng kabuhyang, kung saan marami sa mga manggagawa ang higit na nangangailangan ng tulong.

Sa isinampa kaso ng AMADO-KADENA sa regional office ng Department of Labor and Employment sa \_\_\_\_\_. Ang management ng DOLE-Phil ay hindi nagpakita nang anumang financial record na nagsasabing lugi ito dahil sa pagtama ng pandemya. Nagpapatuloy parin ang pagtanggap nito ng mga bagong aplikante sa kumpanya bilang mga kontraktwal. Nagpapakita rin umano ito ng porma ng Union Busting dahil sa papasok na freedom period para sa nalalapit na local election. Marami at halos lahat sa mga tinggal nitong mga manggagawa ay regular at kasapi ng union. Nakaranas din ang mga ito na pinipilit silang pumirma sa para sa "no election"

Hunyo ng simulan ng payagan ng gubyerno ang operasyon ng mga kumpanya simula ng pinatupad nito ang lockdown noong Marso. Sa tindi ng epekto ng militaristang lockdown at kawalang



tugon sa mga pangangailangan ng mamamayan marami ng mga manggagawa ang wala ng babalikang trabaho. sa anunsyo ng PSA noong Abril ang tantos ng unemployment ng bansa ay pumalo na sa 17.7% pinakamataas sa kasasayan ng bansa simula noong dekada otsenta.

Ang mabagal at palpak na pagtugon ng gubyerno sa pandemya ang itinuturong dahilan ng pagbagsak ng ekonomiya dahilang para mawalan ang milyong mga manggagawa ng trabaho at kabuhyang. Sa kabila nito ay nasuhayan pa ito ng paglalabas ng mga Department Order at mga Advisory ng Department of Labor and employment na nagamit ng mga malalaking korporasyon at kumpanya para siguruhin ang kanilang kita at capital laban sa mga manggagawa.

23 ng Oktubre inilabas ng DOLE ang DO 215 kautusan nag aalis ng employer-employee relationship at nagbibigay ng laya sa mga kumpanya ng pansamantalang magtanggal ng mga manggagawa. bago nito ay naglabas ng Advisory 17 noong mayo na naglalaman ng Flexible work arrangement, nariyan na ang Work-from-Home, pagbabawas ng araw ng pasok at shifting ng schedule ng mga manggagaw. Na sa esensya ay pag liligalisa ng pagtatanggal sa mga manggagawa.

## FACTS

Roben Casalda



16,000 hectare of plantation and private growers largest pineapple plantation of Dole Asia Holding in Asia



Produces more than 30 million cases of processed pineapple slices 16million of boxes shipped annually



95% of total production is exported in America, Europe and Asia



It has plantation, canneries, factory in China, South Korea, Taiwan and Thailand



20,000 estimated total employment; 8,000 regular worker, 12,000 contractual



Dole Philippines Inc. Polomok, South Cotabato, Mindanao Philippines Established 1963 Owned by Itochu Corporation since 2013

# Tuluyang pagpapasara sa ABS-CBN at pagkitil sa malayang pamamahayag

Nico Canave

**T**uluyan ng pinasara ng Rehimeng Duterte ang isa sa pinaka matagal na istasyon ng telebisyon sa bansa ang ABS-CBN na sinimulan niyang bantaan Disyembre noong nakaraang taon.

Dahil nagpaso na ang prangkisa nito na 25 years. Na iginawad sa panahon ni Pangulong Fidel Ramos noong 1995, matapos itong muling mabawi sa kamay ng mga marcos noong 1986. Kinailangan itong muling aprubahan ng kongreso, subalit bigo ang kumpanya dahil mayorya ng kongreso ay alyado ni Pangulong Duterte.

Apektado ng pagsasara nito ang halos 11,000 mga manggagawa ito ay yaong mga cameraman, writer, mga reporter mga staff at mga talents na nasa ibat ibang mga production. kasama sa mga naapektuhan nito ay ang pamilya at mga anak ng mga manggagawa na tanging sa pagtatrabaho sa istasyon lamang ang inaasahang kabuhayan.

Malaking dagok sa ekonomiya at buhay ng mamamayang Pilipino ang pagpapasara sa istasyon. Banggit ito ng ilan sa mga manggagawa at artistang lumahok sa mga protesta para mabigyan muli ito ng prangkisa. Aniya sa panahong ito ng pandemya kinakailangan ng mamamayang Pilipino mapagkukunan ng impormasyon para gabayan ang taumbayan laban sa COVID19.

Suportado naman ng maliliit na media outfit at

mga mamamahayag ang kampanya para sa pagbibigay muli ng prangkisa ng istasyon. Naniniwala ang mga ito na ang pagpapasara sa istasyon ay atake sa malayang pamamahayag. Ayon kay Raymond Villanueva Secretary General ng NUJP, “hindi ligtas sa pamba blackmail ang maliliit na mamamahayag at media, dahil kung nagawa ng gobyernong duterte ito sa ABS-CBN ay maari niya rin itong gawin sa atin”. Ilan sa mga kasamang nangampanya rito ay ang NUJP(National Union of Journalist of the Philippines), Altermidya, KODAO Production, at CEGP(College Editors Guild of the Philippines)

## Paghatol ng Guilty kay Maria Ressa at Rey Santos Jr ng Rappler

Hindi maihihiwalay ang kasong kinaharap ni Maria Ressa CEO ng Rappler at ng ABS-CBN. Kilala ang dalawang media outfit na ito na ilan sa mga kritikal sa Administrasyong Duterte. May ilang beses narin na tinagurian ni Pangulong Duterte ang dalawa sa pagiging “bias” diumano sa pagbabalita. May mga intimidasyon narin na ginagawa ang pamahalaan sa media simula ng maupo si pangulong Duterte noong 2016.

Kasong cyberlibel ang kinaharap ng dalawa na hinatulang guilty ng husgado noong Hunyo 15 2020. Ito ay mula sa reklamo sa isang artikulo noong May 2012 kay Wilfredo D. Keng na isang businessman. Sa panahong naisulat ang artikulo ay hindi pa epektibo ang batas na cybeliber, Oktubre 2012 ng naging epektibo ang



Photo from scmp.com

batas.

Sa ulat ng Reportes Without Border, World Press Freedom Index, naitala ang Pilipinas sa ika 136th sa 180 na mga bansa na tinarget ang mga mamamahayag para sa Judicial harassment na ginagawa ng mga pro-duterte armies sa social media ditto sa pilipinas.

## Pagkriminalisa sa mga pahayag sa online

Hindi rin naging ligtas sa mata ng gobyernong duterte ang mga ordibaryong mamamayan na nagpapahayag ng kanilang disgusto sa pamamagitan ng pagpopost sa mga social media. Tampok rito ang guro sa Zambales na kinulong at kinasuhan ng mga tauhan ng NBI dahil di umano ito ay ng banta sa buhay ng Presidente. Kabilang ang apat na mula sa ibat ibang bahagi ng bansa na inaresto ng walang warrant of arrest. Lubhang kinabahala ito ng mamamayan dahil sa pagabuso ng mga otoridad at hindi ito naayon sa batas. ayon sa pahayag ng abogado si Christian Monsod na isa sa bumalangkang ng 1987 constitution. Banggit niya kahit na aniya may libelong katangian ang mga pahayag ay tanging korte ang magtataka kung sila ay dapat arestuhin at kasuhan.

Ipinapakita lamang ng mga pagpopost na ito ang pagkadismaya ng mamamayan sa pagtugon ng gobyernong duterte sa

pandemya. Pahayag ni Ricardo Soler isang Psychiatrist na ang mga ganitong pagpopost ay kailangan ng tao upang mailabas niya ang kanyang saloobin. Di rin maitatwa na ang pangulo ng bansa ay makilang beses nagbanta ng pagpatay sa ilang mga personalidad. Gamit ang kanyang kampanyang “war on drugs” ay binabantaan niya rin maging ang mga ordinaryong mamamayan. At ngayong panahon nga ng pandemya ay nagbigay din siya ng utos na barilin ang mga taong lalabag sa community quarantine.

Naging laganap din ang mga pagbabanta at pag rered-tag sa mga aktibista gamit ang social media. Lumaganap dito ang pangongopya ng mga facebook account ng mga aktibista gamit ang kanilang pangalan ay nagpopost kaugnay sa kalaban ng gobyerno. Nagiiwan din ng mga mensahe ng banta ng pagpatay at pagdukot.

Hindi naging hadlang sa mga aktibista at mga progresibong organisasyon na mapatahimik sila sa pamamagitan ng mga pagbabanta at pag aresto. Nagiging daluyan parin ng mamamayan ang mga social media para sa mabilis na pagsisiwalat at pagkondena sa mga patakaran ng Administrasyong Duterte.

### 1 . Dole Philippines

Noong Setyembre 18, nasa 478 na regular na mga manggagawa ang sapilitang inalisan ng trabaho ng pamunuan ng Dole Philippines dulot ng pinansyal na problema na naranasan ng kumpanya sa nakaraang tatlong taon na mas pinalala pa dahil sa pandemya. Ayon sa AMADO KADENA-NAFLU-KMU, hindi makatao at walang basehan ang pagkalugi ng kumpanya sa loob ng tatlong taon para isagawa retrenchment. Pagsapit ng Oktubre 19, kumasa ang mga manggagawa ng mga kilos-protesta na nauwi sa harassment at paniniktik ng mga pulis.

### 2 . Alcophil Metals Inc.

Nagkaroon ng mga serye ng harassment at paniniktik sa mga manggagawa ng Alcophil Metals Inc. ng mga elemento ng PNP at AFP. Simula Agosto 7, pinasok ng mga pulis at militar ang pagawaan ng Alcophil at nagpakilala sila bilang Joint Task Force para sa Anti-Terror. Pinanood nila ang mga manggagawa ng video na iginiiit terorista ang mga legal na organisasyon tulad ng KMU, Bayan, Anakpawis, Kadamay, ACT, Kabataan, Bayan Muna, at Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Agosto 11, pumasok muli ang mga hindi naka-unipormeng mga pulis para tanungin ang mga manggagawa ng kanilang pananaw ukol sa pinanood ng video. Huling insidente ay noong Agosto 26 kung saan piliit inaalam ng pulis ang pangalan ng abogado ng Alcophil Workers' Union (AWU) - ANGLO - KMU.

### 3 . Adnama Mining Resources Inc.

Iniulat ang mga kaso ng pagpasok ng mga element ng 30th Infantry Battalion ng AFP upang i-harass at takutin ang mga myembro at mga opisyal ng unyon na Adnama Mining Resources Inc. Labor Union (AMRILU) na huwag nang maging bahagi ng National Federation of Labor Union-Kilusang Mayo Uno (NAFLU-KMU). Naganap ito noong Oktubre 6 sa bahay ng isang union officer sa Claver, Surigao del Sur.

### 4 . Supreme Steel Corporation

Ang mga manggagawa ng Supreme Steel Corporation ay naharap sa intimidasyon at harassment ng mga kapulisan noong Disyembre 5 sa araw ng election ng kanilang unyon. Ayon sa Nagkakaisang Manggagawa ng Supreme Steel (NMS-NAFLU-KMU), hinayaan ang mga pulis na maglibot sa loob ng pagawaan habang nagboboto ang mga manggagawa. Inereklamo ng unyon ang ginagawang manipulasyon ng management sa pamamagitan ng pagsagawa ng pangkalahatang eleksyon imbes na eleksyon lang para sa mga bakanteng posisyon. Ito ay upang makuha at makontrol ang lahat ng posisyon ng unyon para sa mga pro-management na mga manggagawa.

### 5 . Food Panda

Pinaalis ng mga pulis ang mahigit 700 na mga riders ng Foodpanda matapos silang magsagawa ng unity ride sa harap ng Department of Labor and Employment noong Nobyembre 8. Ito ay matapos nilang ipanawagan sa DOLE ang pahirap na polisiya ng Food Panda sa mga riders tulad ng pagkatali sa grading system, penalties at mababang bayad para sa kanilang serbisyo. Ayon sa mga nagprotestang riders, hiningan umano sila ng permit to protest ng mga nakabantay na pulis bago silang nasermonan at pinaalis.

Jomar Camposano

# ILEGAL NA PANG-ARESTO AT PANGRE-REDTAG

## 1. Coca-Cola

Ilegal na inaresto ng mga pulis ang 16 na mga manggagawa ng Coca-Cola sa Sta. Rosa, Laguna noong April 30 habang nagsasagawa ng paghahanda para sa pagdiriwang ng Araw ng Paggawa. Ito ay matapos ang ilang beses na pagbisita ng mga pulis sa bahay sa mga unyonista upang ipanawagang sumuko bilang mga myembro nng New People's Army (NPA). At pagsapit nga ng Mayo 1, dinala ang mga inarestong manggagawa sa harap ng midya upang ipakilala sila bilang mga myembro ng NPA.

## 2. Sumifru Philippines

Pinagbibintangang mga NPA ang mga manggagawang myembro ng Nagkahiusang Mamumuo sa Suyapa Farms (NAMASUFA) sa Compostela Valley. Ito ang paratang ng Compostela Vice Mayor Levi Ebdao at ng 66th Infantry Battalion na gnawa noong Hunyo 18 sa gitna ng negosasyon ng NAMASUFA at Sumifru Philippines Corporation. Ani ng NAMASUFA, nakakasira ang ginawang pangredtag sa mga myembro ng unyon at Sumifru sa isinasagawa nilang negosasyon para sa CBA at tiyak na direktang mapapahamak ang mga manggagawa sa illegal na pag-aresto o pagpatay.

## 3. Jeepney Drivers

Inaresto noong Setyembre 8 si Ramon Rescovilla, secretary-general ng CONDOR-PISTON. Ayon sa ulat ng CONDO-PISTON, inaresto si Rescovilla sa kanyang bahay ng hindi kukulang sa 20 na unipormado at naka-sibilyang pulis ng PNP Daraga, PNP Albay at Philippine Army. Inatake diumano si Rescovilla ng mga pulis at nilagyan ng orange na bag sa kanyang balikat na laman ay mga baril at pampasabog.

## 4. PISTON 6

Noong Hunyo 2, inaresto ang mga jeepney drivers na myembro ng PISTON matapos magsagawa ng "Busina Para sa Balik Pasada" na protesta ang nasa 30 mga tsuper sa Moumento, Caloocan City. Ipinapanawagan nila ang pagbabalik-pasada ng mga jeep at mga pampublikong sasakyan para sa mga nangangailangang mamamayan at kabuhayan para sa mga tsuper matapos ang mahigit tatlong buwan na lockdown. Kinilala ang mga inaresto na si Severino Ramos, Elmer Cordero, Arsenio Ymas Jr., Wilson Ramilla, Ramon Paloma at PISTON Deputy Secretary General Ruben Baylon. Cordero at kinasuhan sa paglabag ng Caloocan Local Ordinance #0863 o Violation of Social Distancing at ng "Resistance and disobedience to a person in authority" na may karagdang bail na P3,000 kada isa. Kinulong sila sa Northern Police District Jail na may mga naitalang kaso ng COVID-19. Matapos ang isang linggo, matagumpay na napalaya rin ang PISTON 6 ngunit si Ruben Baylon na 72 taong gulang ay nahawaan ng COVID-19 pagkalabas ng presinto.

## 5. HUMAN RIGHTS DAY 7

Nagkaroon ng apat na magkahiwalay na pag-aresto ng anim na unyonista at isang journalist sa mismong Pandaigdigang Araw ng Karapatang Pantao noong December 10. Ito ay matapos maglabas ng search warrant si Judge Cecilyn Burgos-Villavert sa pangunguna ng National Task Force to End Local Communist Conflict (NTF-ELCAC). Lahat ng myembro ng HR Day 7 ay naaresto sa magkakahalintulad na kaso ng illegal possession of firearms and explosives na natagpuan matapos haluhugin ang kanilang mga bahay ng PNP at CIDG. Patuloy pa ring isinasaayos ang kanilang kaso at paglaya.

# PAGPASLANG

## 1. Carlito "KARLETZ" Badion

- Brutal na pinaslang ang Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay) Secretary-General Carlito "Karletz" Badion matapos matagpuan ang kanyang bangkay sa Ormoc City, Leyte noong Mayo 28. Bago pa man nito, ilang taon na siyang nakakaranas ng red-tagging at pagbanta sa kanyang buhay ng mga pinaghihinalang state elements. Ipinapanawagan sa ngayon ang kanyang hustisya at pagkondena sa isinasagawang red-tagging ng gobyerno.

## 2. Jose Jerry Catalogo

Pinatay si Jose Jerry Catalogo, isang lider ng local na asosasyon ng magsasaka sa ilalim ng National Federation of Sugar Workers o NFSW sa Negros Occidental noong Hunyo. Batay sa ulat, bandang 5:00 ng umaga, pinatay si Catalogo 23 ng mga pinaghihinalang state agents habang siya ay nagpapakain ng alagang kalabaw. Si Catalogo ang pang-50 napaslang sa hanay ng mga manggagawa, maralita at mga labor rights advocates sa ilalim ng administrasyong Duterte.

Jomar Camposano

# PAGLABAN NG MGA MANGGAGAWA SA HULING KWARTO NG TAON

Jomar Camposano

**S**a pagtatapos nitong taong 2020, hindi pa rin nagpapahuli ang labis na pagsasamantala ng mga malalaking korporasyon at ng gobyerno sa karapatan ng mga manggagawa sa gitna ng pandemya at krisis.

Nitong Marso, ipinatupad ni Pangulong Duterte ang dalawang buwang Enhanced Community Quarantine (ECQ) o total lockdown sa buong Luzon na naging sanhi ng tuluyang pagkakawala ng trabaho para sa mga manggagawa. Maraming mga negosyo ang nalugi, nagbawas ng mga manggagawa o ganap na nagsara sa sumunod na buwan.

Militarista ang isinagawang lockdown na sinabayan ng palpak ang pagpapaabot ng ayuda at walang mass testing kung kaya't, napakaraming manggagawa ang nagtiis at nagutom sa kawalan ng trabaho. Makaraan ang ECQ, unti-unting ibinalik sa operasyon ang mga pribadong negosyo bago sumapit ang buwan ng Hunyo. Ipinatupad ng Department of Labor and Employment (DOLE) ang Labor Advisory 17, series 2020 (LA 17-20) noong Mayo 18 na siyang nagbigay ng mga gabay at suhestyon sa mga malalaking kumpanya at small and medium enterprises (SME) ukol sa mga posibleng hakbang para maipatupad ang social distancing at mga minimum na health standards. Ipinatupad rin ng DOLE ang Department Order 218, series 2020 (DO 218-20) noong Oktubre na siyang maglalaan ng karagdagang tulong-pinansyal at job opportunities para sa mga manggagawang nawalan ng trabaho.

Sa kabila nito, marami pa ring mga negosyo, partikular sa mga malalaking kumpanya ang nagsagawa ng malawakang tanggalan, hindi nagpatupad ng mga minimum health requirements at walang mass testing. Ito ay nagdulot ng napakalaking peligro sa mga manggagawa kung saan marami ang naitalang mga nahawaan ng COVID-19 at walang naibigay na ayuda para sa mga nawalan ng trabaho. Ito ay sa kabila ng napakalaking ambag ng mga manggagawa sa kita ng mga kapitalista at ekonomiya ng bansa.

Sa ngayon, ipinagpapatuloy ng mga manggagawa sa pamamagitan ng mga unyon, ang mga Collective Bargaining Agreement (CBA) at mga kilos-protesta upang mapalakas ang kani-kanilang mga panawagan tungo sa ligtas at nakakabuhay na trabaho.

## **Kawalan ng Mass Testing at Delikadong Kalagayan ng mga Manggagawa**

Ang DOLE ay naglabas ng gabay para sa mga minimum health protocols na dapat ipatupad ng mga negosyo pagsapit ng Hunyo kung saan pinayagan na silang magbukas. Sa pamamagitan ng DOLE LA 17-20, nakasaad na dapat sundin ang social distancing at ang pagsuot ng face masks at face shields sa loob ng pagawaan. Maging ang scheduling ng pagpasok ng mga manggagawa ay dapat baguhin kung saan binawasan ng ilang araw ang pasok kada linggo, paloob sa Alternative Work Scheme o Flexible Work Arrangement. Subalit, marami pa ring manggagawa ang nalagay sa pahamak dahil sa kulang na pagpapatupad ng health protocols at kawalan ng mass testing.

Sa kalagayan ng health protocols, karamihan sa mga kondisyon ng paggawa ay nangangailangan ng close contact o madalas na paghalubilo sa iba't ibang manggagawa tulad sa construction, call center at factory production. Hindi lahat ng mga paggawaan ay nakakapagbigay ng libreng facemask at face shield, bagkus ay sinasalo ito ng mga manggagawa pati ang hand sanitizer at alcohol. Ang ilang paggawaan ay walang washing at isolation areas para makapaglinis ang mga manggagawa bago at pakatapos ang kanilang trabaho.

Ang manggagawa rin ay kinakailangang magkaroon ng testing bago pahintulatang pumasok sa trabaho. Dahil sa mataas na presyo ng RT-PCR swab tests, isinasailalim ng mga kumpanya sa Rapid Tests ang mga manggagawa kung saan hindi garantisadong matutukoy ang COVID-19 sa kada indibidwal.

Sa ibang kumpanya tulad ng Nexperia, walang ibinibigay na testing ang management kung kaya't isinasalo ang gastusin ng mga manggagawa. Ani ng Nexperia Workers Union, mas lalong gipit para sa mga kontraktwal ang testing na galing sa kani-kanilang bulsa upang pahintulatang makapasok sa trabaho. Kaya't imbes na sabihin ng mga manggagawa na sila ay may sintomas, kanila itong itinatago dahil kung hindi ay sila ipapa-quarantine ng 14 na araw nang walang sasahurin.

## **Malawakang Tanggalan at Kawalan ng Ayuda**

Ang mas lalong peligro para sa manggagawa ay hindi ang mismong sakit na dulot ng COVID-19 kundi ang pagkakawala ng kanilang hanapbuhay. Ito ang realidad na iniharap ng 3.8 milyong manggagawa na nawalan ng trabaho buhat ng pandemya o katumbas ang 8.7% na unemployment rate sa bansa batay sa huling tala ng Philippine Statistics Authority (PSA) para sa buwang ng Oktubre. Mas mababa raw ito sa 17.6% na naitala noong



## LATHALAIN

---

Abril na siyang pinakamataas na unemployment rate sa kasaysayan ng bansa. Ngunit sa tala ng Ibon Foundation, mas mataas pa ang kasalukuyang unemployment rate kumpara sa iniulat ng PSA dahil sa nagkakaibang termino ng unemployment kung saan hindi kasama ang mga walang pormal na trabaho sa panahon ng ECQ. Gayunpaman, halos lahat ng mga nawalan ng trabaho ngayong taon ay direktang idinulot ng pandemya.

Isa ang Dole Philippines, Inc. (Dole Phil) pineapple farm sa Polomok, South Cotabato sa nagsagawa ng retrenchment sa 478 na mga regular na manggagawa nitong Setyembre 18 na nagresulta sa pagkasa ng mga serye ng kilos-protesta ang kanilang unyong AMADO KADENA-NAFLU-KMU na umabot hanggang sa gate ng DOLE. Iniabot nila na walang basehan ang diumanong pagkakalugi ng kumpanya na dahilan ng naging malaking tanggagalan. Malaking kawalan rin sa mga manggagawa ang pagkawala nila kanilang mga trabaho na sanhi ng malalang epekto sa kanilang mental health.

Nagsagawa rin ng tanggalan ang Universal Robina Farms ng mahigit 200 na regular na empleyado noong Oktubre 15 sa Robina Farm 11, Antipolo, Rizal. Ayon sa URCEU-ANGLO-KMU, walang awa ang ginawang tanggalan sa gitna ng pandemya. Noong 2019 kung kailan tumama ang African Swine Flu (ASF), pinauwi ang mga manggagawa at nagsagawa ang management ng regular na testing para sa mga produktong baboy upang hindi magkahawaan ng ASF. Ngunit, pagsapit ng COVID-19, ang mismong mga manggagawa ay walang isinagawang mass testing at imbes ay tinanggal sila sa trabaho.

### **Panunupil sa Karapatan ng mga Manggagawa**

Sa mga buwan ng Oktubre hanggang Disyembre, pinalakas ng mga manggagawa ang mga kilos protesta para tutulan ang mga tanggalan sa trabaho at ipanawagan ang kaligtasan sa lugar-paggawa. Ngunit agad na iniharap ang pasismo't panunupil ng mga kapitalista at ng rehimeng Duterte laban sa mga lehitimong panawagan ng mga manggagawa.

Ang mga manggagawa ng Dole Phil ang isa sa mga matagal nang nakakaranas ng panggigipit ng management sa pamamagitan ng union busting at ngayong taon sa isinagawa nilang retrenchment, kaparehong porma ito ng pagtanggap sa mga natutukoy na myembro ng unyon. Dagdag rito, ang pagtanggap sa mga regular na manggagawa ay pamamaraan upang makatipid ang Dole Phil. Ayon sa mga manggagawa, nais palitan ng kanilang management ang mga regular ng mas murang kontraktwal na paggawa.

Mahigit 700 na mga riders ng Foodpanda, isang food delivery app ang nagkasa rin ng unity ride noong Nobyembre 18 para ipanawagan ang inspeksyon ng DOLE sa mga hinaing ng riders laban sa Foodpanda. Ayon kay Angelo Sta. Maria ng Foodpanda Riders Association (FPRA), ang mga ginawang pagbabago ng Foodpanda sa kanilang mga polisiya ay dumulot ng negatibong epekto sa kanilang kita at kondisyon sa paggawa. Ang kanilang kita ay nakatali raw sa kada booking na apektado ng grading system ng app kung kaya't may penalty kada rider kung mababa ang ibinigay na grade ng kanilang customer. Mababa na rin ang bayad kada delivery sa bagong sistema at sa bagong nilang polisiya na "undispatch", ang mga riders ay napipilitang makipag-unahan sa pick-up ng order na sanhi ng dagdag peligro sa paggawa. "Delivery partners" man ang turing sakanila, ang mga riders ay parang mga empleyadong hawak sa leeg ng kumpanya. Kung kaya't panawagan nila'y tanggalin ang undispatch at maging transparent at patas ang management sa mga riders. Ngunit sa pagdaos nila ng protesta sa harap mismo ng DOLE, agad silang hiningan ng permit to protest at pinaalis ng PNP.

Pinakahuli sa ulat ng panunupil ng rehimeng Duterte sa mga manggagawa ay ang ilegal na pag-aresto sa anim na trade unionists at isang journalist na binansagang Human Rights 7 o "HR 7". Inaresto ang HR 7 sa mismong araw ng paggunita ng Pandaigdigang Araw ng Karapatang Pantao noong December 10. Isinagawa ang apat na magkakahiwalay na pag-aresto sa loob ng isang araw. Magkaparehong modus ang isinagawa ng magkasabay na operasyon ng PNP at CIDG kung saan sila ay magraraid ng mga bahay ng mga pinaghihinalaang myembro ng CPP-NPA sa bisa ng mga search warrant na pinirmahan ni Judge Cecilyn Burgos-Villavert. Pakatapos ay magkakaparehong mahahanap ang mga ilegal na armas at bomba na sa pinaghihinalaang itinanim bilang ebidensya. Dinala ang HR7 sa hiwa-hiwalay na presinto sa Quezon City upang humarap sa paglilitis. Patuloy ang isinasagawang kampanya upang pabulaanan ang mga akusasyon at mapalaya ang HR 7. Kasabay nito ang laban upang huwag pondohan ang National Task Force to End Local Communist Conflict (NTF-ELCAC) at maibasura ang Anti-Terror Law na siyang naging sanhi ng mga red-tagging sa mga aktibista.

### **Tagumpay ng mga Manggagawa sa mga Huling Laban ng Taon**

Sa patuloy na pakikibaka ng manggagawa, nakamit ng ilang mga unyon ang tagumpay ng kanilang samasamang paglaban sa gitna ng krisis at pandemya.

sundan sa pahina 11

# Global Day of Action, tugon ng mga manggagawa sa tumitinding panunupil, kawalang seguridad sa trabaho at karapatan

Sabay sa paggunita sa ika- 157 taong anibersaryo ng kapanganakan ng Bayaning si Gat Andres Bonifacio isinagawa ang global day of action ng mga manggagawa sa University Avenue, UP Diliman. Sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno at ibat ibang mga pederasyon at union nanawagan ang mga manggagawa para sa pagpapanagot sa tumitinding panunupil at nagaganap na pagpatay sa mga nagtataguyod ng karapatang manggagawa. Panawagan din dito ang kaligtasan sa paggawa sa panahong ng pandemya, trabaho at karapatan.

Ang panawagang ito ay nilahukan din ng ibat-ibang mga manggagawa at unyon sa buong daigdig sa pangunguna ng CGU o Council of Global Unions. Na kinilala din ang kabayanihan ni Andres Bonifacio sa Pilipinas na kabilang sa uring manggagawa.

Pangunahin na sa pakikiisa ng samahang ito ay ang panawagan sa pagtigil ng Red-tagging sa mga unyon mga grupo na nagtataguyod ng karapatang manggagawa at pagpapanagot sa lumalalang extra-judicial killing sa bansa. Kinondena rin nila ang pagsasabatas ng Anti-Terrorism Law na pimirmahan ni Pangulong Duterte, anila ang batas na ito ay lubhang makapangganib at yuyurak sa mga batayang karapatan lalo na sa mga organisadong manggagawa at mamamayan na nagsusulong ng mga ito. Dahil din sa pagtama ng pandemya giit nila na dapat magkaroon ng proteksyon

at seguridad ang mga manggagaw. Dagdag din nito ang pag tataguyod sa mga pang internasyunal na batas para sa mga manggagawa na dapat mahigpit na ipatupad lalo na ang ILO Convention 190 na dapat maalis ang anumang karahasan at paninikil sa mga pagawaan.

Pahayag ng Kilusang Mayo Uno, palpak, pabaya at inutil ang administrasyong duterte sa kanyang mamamayan. Imbes na solusyong medical ang paraan sa pagharap sa problema sa pandemya ay militaristang lockdown ang ginawa nito. Mas nilaanan pa aniya nito ng malaking budget at sahod ang military at kapulisan kaysa ang mga pampublikong ospital at benepisyo ng mga kawani nito.

Sa kabila ng kontrobersyang kinakaharap ng 19 Bilyong piso na budget ng NTF-ELCAC, tuluyan parin itong ipinasa at isinama sa P4.5 trilyon na budget para sa susunod na taon. Para sa Kilusang Mayo Uno mas mapapakinabangan pa ito kung ito ay ilalaan sa serbisyong panlipunan lalo na kalusugan at edukasyon na higit na nangangailangan sa kasalukuyan. Giit nito magiging daan lamang sa korapsyon ang binuong ahensya at hindi nito magagawang solusyonan ang insurhensya na siyang mandato nito. Higit lamang nitong palalalain ang mga paglabag sa karapatang pantao at panunupil sa mga demokratikong interes ng mamamayan.



## **Paglaban ng manggagawa...**

Ang mga manggagawa Nexperia ay isa sa mga nakapagtala ng malaking tagumpay sa inilaban nilang CBA na napirmahan noong December 6. Nakatakda sanang pag-usapan ang CBA noong Marso ngunit dulot ng pandemya ay nausog hanggang sa dulo ng taon. Susing napagtagumpayan ang nakatakdang pagtaas ng sahod ng mga manggagawa mula 2021 hanggang 2023 na mataas sa inisyal na offer ng management. Napirmahan rin ang signing bonus, retroactive pay at meal subsidy sa lahat ng empleyado. Dadagdagan rin ang hospital cash assistance sa Health Maintenance Organization (HMO) at paid pandemic leave sa panahon na mayroong mahawaan ng virus. Inaasahang matatanggap ng lahat ng empleyado sa loob ng Collective Bargaining Unit (CBU) ang mga napagtagumpayan imbes na mula lang sa mga qualified na kasapi ng unyon. Kapalit nito ay ang laking ginhawa para sa mga manggagawa ng Nexperia na aktibong lumaban para sa kanilang karapatan.

Ang Fuji Electric workers rin sa Calamba, Laguna

ay nasa proseso na ng pagsasara ng kanilang CBA kung saan kalahati ng mga inihaing probisyon ay napagkasunduan ng management at ng mga manggagawa. Ilan sa mga napagkasunduan ay ang pagpapanatili sa existing na bayad na 170% sa Work on Days of Calamity, kasama ang ECQ at MECQ, paid leave sa mga manggagawa at shuttle service sa ruta ng Makiling at Tanauan. Kasabay nito ay patuloy inilalaban ng mga manggagawa ang mga nakabinbin pang probisyon tulad ng pagtaas ng sahod mula 2021 hanggang 2023, mid-year bonus na P2,000 para sa mga makakapagkamit ng 95% attendance at industrial bonus na P10,500.

Huli sa kabuuang laban ng mga manggagawa para sa makatarungang sahod ngayong taon ay ang Paid Pandemic Leave na naipanukala ng mga representante ng Makabayan Bloc. Pumasa na sa Committee on Labor and Employment ang panukala na mabigyan ng 14-day paid pandemic leave ang manggagawa na Persons of Interest/Monitoring (PUI/PUM) na isasailalim sa quarantine upang sila'y mabigyan ng tuloy na sahod sa panahong hindi sila makakapasok sa trabaho. Inaasahang ihahabol na maisabatas ang panukalang ito bago matapos ang taon.

## **ALAY NA TULA PARA SA MGA HEALTH FRONTLINERS**

*Jomar Camposano*

Health Frontliners,  
Sa harap ng unos ng pandemya,  
Sa pag-alila ng rehimeng mapagsamantala,  
Sa kawalan ng ayuda, sa gitna ng krisis,

Nariyan sila,  
Mga kawal ng kalusugan, kaligtasan, kagalingan,  
Hindi ng pamamasismo, pagpatay, paglabag ng  
karapatan,  
Hawak nila'y solusyon,

Solusyong medical,  
Ngunit solusyong militar, sagot ng gobyerno,  
Sa Pangre-redtag, Pagpatay, Pag-aresto,  
Lalo't sa Pagpapabaya at Korapsyon ng rehimen,

Duterte,  
na kung nagiging, pasado tanghali na  
Habang Health Frontliners ay walang tulog o  
pahinga  
12-hour workshift na ang sahod mababa, ang  
hazard pay, wala,

Walang ibang lunas sa pandemya,  
Kundi pagpapatalis sa tunay na sakit ng bansa,  
Health Frontliners, kaagapay ng mamamayang  
nakikibaka,  
Sa paglaban tungo sa pambansang demokrasya



**CENTER FOR TRADE UNION  
AND HUMAN RIGHTS**  
Sec. No. CN201223521

✉ ctuhr.manila@gmail.com  
ctuhr.pilipinas@gmail.com

🌐 ctuhr.org

📘 /ctuhrph

🐦 /ctuhrph

**Daisy Arago**  
Executive Director

**STAFF**

**Regina Lacaran**  
**Roben Casalda**  
**Kamille Deligente**  
**Maura Hipolio**  
**Malou Santos**  
**Nico Canave**  
**Jomar Camposano**

**Rm. 702 Culamat Building,  
127 E. Rodriguez Sr. Ave.  
Brgy. Mariana Quezon  
City, 1112 Philippines**